


# Music

## Quarter 3 – Module 6: Ang Iba't ibang Pangkat na Musikal sa ating Komunidad



## Music – Grade 4

### Alternative Delivery Mode

#### Quarter 3 – Module 6: Ang mga Iba't ibang Pangkat na Musikal sa ating Komunidad Unang Edisyon, 2020

“Isinasaad ng **Batas Republika 8293, sekyon 176** na “Hindi maaaring magkaron ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito’y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaringgawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.”

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand names, tatak o trademarks, palabras sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. . Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis-Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado San Antonio

#### Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

**Manunulat:** Rhodora M. Ilano

**Editor:** Jerilyn M. Torio

**Tagasuri:** Cynthia T. Montañez

**Tagaguhit:** Emma N. Malapo

**Tagalapat:** : Rhodora M. Ilano, Daniel C. Tabinga, Jr.

**Tagapamahala:** Regional Director: Gilbert T. Sadsad

CLMD Chief: Francisco B. Bulalacao, Jr.

Regional EPS In Charge of LRMS: Grace U. Rabelas

Regional ADM Coordinator: Ma. Leilani R. Lorico

CID Chief: Gerson V. Toralde

Division EPS In Charge of LRMS: Belen B. Pili

Division ADM Coordinator: Cynthia T. Montanez

Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_

#### Department of Education – Region V

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500

Telefax: 0917 178 1288

E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# Music

## Quarter 3 – Module 6: Ang Iba't ibang Pangkat na Musikal sa ating Komunidad

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

Magandang Araw sa iyo!

Nakikilala ang kaibahan ng tunog ng mga instrumento at tinig ng mga taong kumakanta dahil sa kanilang kakaibang katangian o kulay ng bawat tunog (*tone color*). Ito ay naglalarawan sa kung anong timbre mayroon ang isang mang-aawit o instrumento.

**Timbre** ang tawag sa elemento ng musika na tumutukoy sa uri ng tinig ng tao o tunog ng mga instrumentong musikal. Sa araling ito magkakaroon ka ng pagkakataon na matukoy ang mga tunog ng instrumentong musikal at maging ang iba't ibang uri ng tinig. At kapag ang mga iba't ibang manunugtog or mang-aawit ay nagsamasama upang bumuo ng isang grupo, ang tawag sa kanila ay isang **musical ensemble**.

Ang **musical ensemble** , ay isang grupo ng mga tao na gumaganap ng musikang pang-tinig o pang-instrumento, na karaniwang nakilala sa isang natatanging pangalan. Sa modyul na ito, matutuklasan natin ang iba't ibang *musical ensemble* na matatagpuan sa ating komunidad.

Layunin sa modyul na ito ay ang mga sumusunod:

1. Nakikilala ang iba't ibang *musical ensembles* sa ating komunidad.
2. Nakikilala ang iba't ibang instrumentong pangmusikal ayon sa larawan at tunog nito.
3. Naipapangkat ang mga instrumentong musikal ayon sa tunog



## Subukin

Tingnan ang larawan ng mga iba't ibang instrumentong pangmusika. Uriin ang mga instrumentong ito ayon sa kanilang pangkat sa Horn-Bostel Sachs classification: **Chordophone** (gumagawa ng tunog gamit ang string), **Aerophone** (gumagawa ng tunog gamit ang hangin), **Idiophone** (gumagawa ng tunog gamit ang vibrations sa pamamagitan ng pag palo dito), at **Membranophone** (paggawa ng tunog sa pamamagitan ng pagpalo ng isang hinatak na tela o balat). Isulat ang sagot sa patlang.



1. \_\_\_\_\_

2. \_\_\_\_\_


3. \_\_\_\_\_



4. \_\_\_\_\_

5. \_\_\_\_\_

6. \_\_\_\_\_



7. \_\_\_\_\_

8. \_\_\_\_\_

9. \_\_\_\_\_



## **Balikan**

A. Ibigay ang mga kulang na titik upang makabuo ng isang salita o tamang sagot.

1. 

		M			
--	--	---	--	--	--

- ito ay tumutukoy sa katangian ng tunog o tinig

2. 

		T	
--	--	---	--

- ang tawag sa mababang boses  
Ng babae

3. 

			R			
--	--	--	---	--	--	--

- ang tawag sa mataas na boses  
ng babae.

4. 

B			
---	--	--	--

- ang tawag sa mababang boses  
ng lalake

5. 

	E			
--	---	--	--	--

- ang tawag sa mataas na boses  
ng lalake

B. Sagutin: Ano ang pagkakaiba ng *solo*, *duet*, *trio* at pangkatan o *-ensemble*?

---

---

---

C. Ibigay ang tamang pagkakapangkat- pangkat ng larawan gamit ang mga salita na nakapaloob sa kahon.

<b>solo</b>	<b>duet</b>	<b>trio</b>	<b>ensemble</b>
-------------	-------------	-------------	-----------------



1. \_\_\_\_\_



2. \_\_\_\_\_



3. \_\_\_\_\_



4. \_\_\_\_\_



## **Tuklasin**

A. Kikilalanin ang iba't-ibang *musical ensembles* sa ating komunidad.

Gamitin ang link na ito.

1. <https://www.youtube.com/watch?v=hAuyxwgfNM8>

2. <https://www.youtube.com/watch?v=dudTxY5otGs>


3. <https://www.youtube.com/watch?v=PfrWJixDF7U>

4. <https://www.youtube.com/watch?v=mdQ83rfXBBg>

5. <https://www.youtube.com/watch?v=E5RHiOWY0Ok>



Sinu-sino kaya sila?



Source: Google images

( <https://www.kathaumixw.org/2020BAAOChildren&YouthChoir.shtml> )

**Ang Baaon Children & Youth Choir (BCYC)** ay isang pangkat ng pang-eksperimentong koro na nabuo noong 2014. Ang mga miyembro ng koro ay pinili mula sa dalawang koro ang: Baaon Children's Choir at ang Baaon Youth Choir. Ang dalawang korong ito ay marami ng gantimpalang nakamit sa local at internasyunal na patimpalak katulad ng *National Music Competition for Young Artists* (NAMCYA) - Children's Choir Category kung saan itinanghal na kampeon ang Baaon Children & Youth choir noong taon 2010 at 2013. Nakuha rin nila ang *Grand Prize* sa *18th Certamen Juvenil de Habaneras* sa Torre Vieja, Spain noong 2012. Ang Baaon Youth Choir naman ay nagwagi bilang *NAMCYA National Champion* noong 2008 at 2011.

Ang mga kasapi ng pinagsamang korong ito ay mga mag-aaral mula sa dalawang magkaibang paaralan - ang Baaon National High School Special Program in the Arts at ang Rosary School Incorporated sa munisipyo ng Baaon, Camarines Sur. Karamihan sa mga miyembro ay mula sa mahirap na pamilya ngunit binigyan ng mahusay na mga tinig sa pag-awit. Hindi naging suhiranin ang kawalan ng kakayahan sa pananalapi ng mga miyembro upang magkamit ng iba't ibang gantimpala sa pagkanta sa koro.



Source: Google images  
( <https://artseducation.culturalcenter.gov.ph> )

Ang **Ligao National High School Voice Chorale (LNHSVC)** ay isang koro na nagmula sa paaralan ng Ligao National High School, Ligao City, Albay, na nabuo sa taon 2014 at sinanay ng isa sa mga pinakabatang konduktor ng Bicolandia na si G. Celger V. Venzon. Ang pangkat ay lumitaw bilang pambansang kumpanyon ng 2014 Pambansang Mga Kompetisyon ng Musika para sa Mga Batang Artista (NAMCYA) Kategoryang Kabataan. Nasungkit ng LNHSVC ang *Grand Prix* sa *4th Bali International Choir Festival* sa Bali, Indonesia noong Agosto 2015 at sa *2016 Busan Choral Festival and Competition* sa Busan, South Korea. Ang Grupo ay tumanggap ng parangal sa *29th Awit Awards* at sa *9th Ani ng Dangal Award* ng *National Commission for Culture and the Arts*. Noong 2017 ay muli na namang nanalo ang pangkat sa *13th Busan Chorale Festival*. Tulad ng BCYC, ang LNHS Voice Chorale ay nagsasanay din ng husto upang magkamit ng mga matataas na parangal sa paglahok sa mga lokal at internasyonal na patimpalak pang-koro.



Source: Google images  
( <http://www.bicolstandard.com> )

Ang **Naga Central School 1 Rondalla** ay isang pangkat rondalla na binubuo ng mga mag-aaral mula sa Naga Central School, Naga, Albay. Sila ay nasa gabay ng apat na guro. Sila ay sina Ma. Theresa S. Serilo, Marites A. Imperial, Jerry E. Cortas Jr., at Joyce R. Sales. Sila ay itinanghal na kampyeon sa *2018 National Music Competition for Young Artists (NAMCYA), Children's Rondalla Category 1*. Dahil sa kanilang ipinamalas na talento, sila ay naging kinatawan sa *45th International Council for Traditional Music World Conference* na ginanap sa Chulalongkorn University, Bangkok, Thailand noong Hulyo 11-17, 2019. Ang kanilang *repertoire* ay kinabibilangan ng *classical*, mga banyagang kanta, at OPM o Original Pilipino Music.



Source: Google images  
(<https://marinerscanaman.edu.ph>)

Ang **MPC Band and Majorettes** ay isang marching band ng mga mga mag-aaral mula sa Mariners Polytechnic College/Foundation, Naga at Canaman, Camarines Sur. Sila ay naging popular dahil sa kanilang tagumpay sa kumpetisyon ng Penafancia Festival noong 2014. Sila din ang nagkamit ng pinakamataas na karangalan sa *National Marching Band at Competition* ng mg majorettes na ginanap noong Setyembre 27, 2014 sa Bacoor City, Cavite.



Source: Google images  
( <https://agimat.net> )

Ang **Tanikala Tribe** (*Chain Tribe*) ay isang banda mula sa Naga City, Bicol. Tinawag nila ang kanilang sarili na **Tanikala Tribe** (literal na "Chain Tribe"). Sila ay nabuo noong taong 1994. Ang pangalan ng banda ay maaaring tumukoy sa kanilang musika, na maaring ihanay sa genre na *Contemporary Pop Folk / Ethnic Sound*. Bukod sa kanilang istilo ng musika, ang banda ay umaawit din ng mga *upbeat music*, *ballad*, at mga *novelty songs*. Ang kanilang hangarin ay "mapalaganap ang iba't ibang uri ng pagmamahal; pag-ibig sa kalikasan, pag-ibig sa bansa, pag-ibig ng mga kababayan, at pagmamahal sa lahat ng tao." Ang Tanikala Tribe ay binubuo ng mga sumusunod na miyembro: Wowie Nabua, kumbang, flute, kudyapi; Raul Badiola, tambol, *chimes*, *bells*; Jojo Peconcillo, *acoustic guitar*; at Russel Campillos, classical guitar.

Source: <https://agimat.net/tanikala-tribe/>

Sagutin ang mga tanong. Isulat ito sa inyong sagutang papel.

1. Sa lahat ng pangkat na pinanood mo sa bidyo, ano ang pinaka nagustuhan mo? Bakit?

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

2. Sagutin ang talahanayan.

Ngalan ng instrumentong ginamit	Uri ng pangkat na kinabibilangan <i>(idiophone, membranophone, chordophone, aerophone)</i>	Ngalan ng musical ensemble sa ating komunidad



## ***Suriin***

**Panuto:** Pangkatin ang mga instrumentong, ***idiophone, membranophone, chordophone, aerophone*** na nasa kahon . Isulat ito sa patlang.

<b>timpani</b>	<b>clarinet</b>
<b>guitar</b>	<b>laud</b>
<b>triangle</b>	<b>flute</b>
<b>snare drum</b>	<b>marakas</b>
<b>xylophone</b>	<b>cello</b>
<b>Oboe</b>	<b>bongos</b>

**Instrumentong *Idiophone*    Instrumentong *Membranophone***

---

---

---

---

---

---

**Instrumentong *Chordophone*    Instrumentong *Aerophone***

---

---

---

---

---

---



## ***Pagyamanin***

Panoorin at pakinggan ang isang pangtatanghal ng iba't ibang Instrumentong Pang musikal. Narito ang link sa youtube

[https://www.youtube.com/watch?v=fc\\_vQpSeOAM](https://www.youtube.com/watch?v=fc_vQpSeOAM)

- A. Sagutin ang mga tanong sa talahanayan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel. Kung hindi sigurado sa pangalan ng instrumentong makikita, maaaring magsaliksik sa internet ng karagdagang impormasyong ukol sa mga instrumento sa Marching band.

	<b>Idiophone</b>	<b>Chordophone</b>	<b>Membranophone</b>	<b>Aerophone</b>
1. Anu-ano ang mga instrumentong ginamit?				
2. Ilarawan ang itsura ng bawat instrumento				
3. Paano-pinatunog ang bawat instrumento?				

- B. Sa lahat ng instrumento na pinanood mo sa bidyo, anong tunog ang nagmarka sayo. Iguhit ito sa kahon. Pangalanan ang instrument at ilarawan.

--





## ***Isaisip***

Ano ang pinagkaiba ng isang musical ensemble sa isang solo na pagtatanghal?

---

---

---

Ano ang pinagkaiba ng *chordophone*, *idiophone*, *membranophone*, at *aerophone* sa bawat isa?

---

---

---



## ***Isagawa***

Ano kaya ang kahalagahan ng pagbuo ng mga music ensemble sa ating komunidad? Bakit sila binubuo? Ipaliwanag.

---

---

---



## **Tayahin**

A. Basahin nang mabuti ang mga tanong. Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat ito sa inyong sagutang papel.

1. Ito ay pangkat ng instrumentong musical na gumagawa ng tunog gamit ang string.

- |                  |                |
|------------------|----------------|
| A. idiophone     | C. chordophone |
| B. membranophone | D. aerophone   |

2. Ito ay pangkat ng instrumentong musical na gumagawa ng tunog sa pamamagitan ng pagpalo ng isang hinatak na tela o balat.

- |                  |                |
|------------------|----------------|
| A. idiophone     | C. chordophone |
| B. membranophone | D. aerophone   |

3. Ito ay pangkat ng instrumentong musical na gumagawa ng tunog gamit ang hangin.

- |                  |                |
|------------------|----------------|
| A. idiophone     | C. chordophone |
| B. membranophone | D. aerophone   |

4. Pangkat ng instrumentong gumagawa ng tunog gamit ang vibrations sa pamamagitan ng pagpalo.

- |                  |                |
|------------------|----------------|
| A. idiophone     | C. chordophone |
| B. membranophone | D. aerophone   |

B. Kikilalanin ang iba't-ibang *musical ensembles* sa ating komunidad. Pag-ugnayin ang larawan at tamang ngalan ng pangkat.

**Hanay A**

**Hanay B**

5.



A. Pangkat na tumutugtog ng Rondalla

6.





B. Pangkat na tumutugtog ng kawayan

7.



C. Pangkat na tumutugtog ng gangsa

C. Uriin ang mga instrumentong ito ayon sa kanilang pangkat. Isulat sa patlang kung ito ay **idiophone, membranophone, chordophone at aerophone.**



8. \_\_\_\_\_ 9. \_\_\_\_\_ 10. \_\_\_\_\_



## ***Karagdagang Gawain***

Tuwing may okasyon sa inyong lugar, gaya ng pistang bayan, Mahal na Araw, kasalan at iba pang mga pagdiriwang, anu-anong *musical ensembles* ang nakikita mong nagtatanghal?

Sa iyong paaralan, anu-anong ***musical ensembles*** ang mayroon?



# Susi sa Pagwawasto

Subukin	1. chordophone	2. aerophone	3. Aerophone	4. Membranophone	5. membranophone	6. chordophone	7. Chordophone	8 chordophone	9. idiophone			
Balikan: A. 1. timbre, 2. soprano 3. Alto 4. Tenor 5. bass B. solo-isanan, duet-dalawahang, trio-tatluhan, ensemble-pangkataran C. 1. Trio 2. Ensemble, 3. Duet 4. solo												
Tuklasin- kilalanin												
1. <a href="https://www.youtube.com/watch?v=hAvyxwglNM8">https://www.youtube.com/watch?v=hAvyxwglNM8</a> - Baao Children & Youth Choir (BCY												
2. <a href="https://www.youtube.com/watch?v=duDTXjY5otGs">https://www.youtube.com/watch?v=duDTXjY5otGs</a> - Ligao National High School Voice Chorale												
3. <a href="https://www.youtube.com/watch?v=PfWJixDF7U">https://www.youtube.com/watch?v=PfWJixDF7U</a> - Naga Central School 1 Rondalla												
4. <a href="https://www.youtube.com/watch?v=mdQ83rIXBBg">https://www.youtube.com/watch?v=mdQ83rIXBBg</a> - MPC Band and Majorettes												
5. <a href="https://www.youtube.com/watch?v=ESRHlOWY0Ok">https://www.youtube.com/watch?v=ESRHlOWY0Ok</a> - Tanikala Tribe band												
1 - depende sa magiging sagot ng mga bata Ngalan ng instrumentong ginamit Uri ng pangkat na kinabibilangan <b>(Idiophone, membranophone, chordophone, aerophone)</b> Ngalan ng musical ensemble sa ating komunidad												
1. boses/ hangin	aerophone		Baao Children & Youth	ChoirLigao National	High School Voice	ChoraleTanikala Tribe	MPC band/Tanikala	Tribe	Naga Central School 1	Rondalla	Tanikala Tribe	MPC band
2. trumpet	aerophone											
3. drums	membranophone											
1. banduria	chordophone											
2. electric guitar	chordophone											
6. cymbals	idiophone											
Suriin: chordophone- harp, cello, guitar aerophone- flute, clarinet, oboe membranophone- bongo, snare drum, timpani idiophone- triangle, maracas, xylophone Pagyamanin:												
1. Ano ang mga instrumentong ginamit?	Idiophone	Cymbals	Bass drum Snare drum	Membranophone	Aerophone							
2. Ilarawan ang itura ng bawat instrumento	Bilog, malakas	Ang tunog	Bilog, basag ang tunog, malakas	Matinis, makapal ag								
3. Paano pina-bawat Tunog ang instrumento?	hiniipan		pagpalo, pagtists, pagtaptik, at pagtatama									

- Surin A: <https://www.youtube.com/watch?v=tC5eMgePakk> (violin – strings)

- <https://www.youtube.com/watch?v=09TqAPwOBfs> (marimba – percussion, tiyak)

- <https://www.youtube.com/watch?v=dhTMTWDLqHg> (flute – woodwind)

- B- igit hit ito

- Isaisip- 1. Ang musical ensembles ay binubuo ng maramihan na pangkat samantalang ang solo ay para lamang sa isahan

2. Chordophone (gumagawa ng tunog gamit ang string), Aerophone (gumagawa ng tunog gamit ang hangin), Idiophone (gumagawa ng tunog gamit ang vibrations sa pamamagitan ng pag palo dito), at Membranophone (paggawa ng tunog sa pamamagitan ng isang hinatak na tela o balat)

Tayahin :

1. C 2. B 3. D 4. A 5. B. 6. C. 7. A 8. Aerophone 9. Idiophone 10. membranophone

Karagdagang Gawain

Twing may okasyon sa inyong lugar, gaya ng pista ng bayan, Mahal na Araw, kasalan at iba pang mga pagdiriwang, anu-anong musical ensembles ang nakikita mong nagtatanghal?

Sa iyong paaralan, anu-anong musical ensembles ang mayroon?

## ***Sangunian***

### SOURCES OF IMAGES

[https://upload.wikimedia.org/wikipedia/commons/thumb/5/57/Harpist\\_Elaine\\_Christy\\_at\\_Unitarian\\_Church\\_2.jpg/220px-Harpist\\_Elaine\\_Christy\\_at\\_Unitarian\\_Church\\_2.jpg](https://upload.wikimedia.org/wikipedia/commons/thumb/5/57/Harpist_Elaine_Christy_at_Unitarian_Church_2.jpg/220px-Harpist_Elaine_Christy_at_Unitarian_Church_2.jpg)

[https://assets.speakcdn.com/assets/1942/6\\_trumpet-player-girl-7.jpg](https://assets.speakcdn.com/assets/1942/6_trumpet-player-girl-7.jpg)

[https://images.cdn.yle.fi/image/upload/fl\\_keep\\_iptc%2Cf\\_auto%2Cfl\\_progressive/q\\_80/w\\_900%2Ch\\_900%2Cc\\_fill%2Cg\\_faces/w\\_300/14-svyle-31721358468d604ca5d.jpg](https://images.cdn.yle.fi/image/upload/fl_keep_iptc%2Cf_auto%2Cfl_progressive/q_80/w_900%2Ch_900%2Cc_fill%2Cg_faces/w_300/14-svyle-31721358468d604ca5d.jpg)

Balikan - C

[https://assets.rappler.com/612F469A6EA84F6BAE882D2B94A4B421/img/946B4CF841B945E794FCCF99CA72F073/image-2019-05-10-7\\_946B4CF841B945E794FCCF99CA72F073.jpg](https://assets.rappler.com/612F469A6EA84F6BAE882D2B94A4B421/img/946B4CF841B945E794FCCF99CA72F073/image-2019-05-10-7_946B4CF841B945E794FCCF99CA72F073.jpg)

Tayahin-B

<http://cf.ltkcdn.net/dance/images/thumb/53903-110x73-PhilippineFolkDanceHistory.jpg>

**For inquiries or feedback, please write or call:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)